



MGA BATAS SA PAGKONTROL NG LOKAL NA RENTA: MGA PINAPAHINTULUTANG PAGTAAS NG RENTA¹

Nililimita ng mga batas pang-estado (ang Batas sa Proteksyon ng Tenante ng California o California Tenant Protection Act) kung magkano ang puwedeng itaas na renta ng iyong landlord kailanman sa 12-buwang panahon. Nililimitahan ang mga pagtaas ng renta sa “5% at dagdag na porsyento ng pagbabago sa gastos sa pamumuhay” mula sa nakaraang taon, nang may pinakamataas nang taunang pagtaas na 10%. ([Kodigo Sibil 1947.12.](#)) Nailalapat ang mga limitasyong ito sa pagtaas ng renta sa karamihan ng mga pinaparentahang pabahay sa California na mahigit 15 taong gulang. Bisitahin ang oag.ca.gov/housing para matuto pa.

Maraming lungsod at county sa California ang may pagkontrol sa lokal na renta o mga batas sa pagkontrol ng renta na nagbibigay ng mas malalakas na proteksyon sa pagtaas ng renta para sa kanilang mga residente. ([Kodigo Sibil § 1947.12](#), subd. (m)(2).) Kung nakatira ka sa lungsod o county na may mas malalakas na proteksyon sa renta kaysa sa batas pang-estado, mailalapat ang lokal na batas sa iyo. Sa kabaliktaran, kung hindi nailalapat ang mga proteksyon ng lungsod ninyo sa iyong mga nirerentahang yunit o nagbibigay ng hindi gaanong proteksyon kaysa sa Batas sa Proteksyon ng Tenante, mailalapat ang mga limitasyon sa pagtaas ng renta ng Batas maliban kung ang iyong yunit ay hindi saklaw ng batas.²

Tandaang sa pangkalahatan, hindi nailalapat ang mga batas sa pagkontrol sa lokal na renta sa mga pagtaas ng renta sa (1) mga gusaling may sertipikasyon ng pag-okupa na inisyu pagkatapos ng Pebrero 1, 1995, o (2) mga yunit na “naipagbebenta/naililipat (alienable) nang hiwalay mula sa titulo ng anumang iba pang yunit ng tirahan.” ([Kodigo Sibil § 1954.50](#), at kasunod pa nito.) Samakatuwid, hindi saklaw ang karamihan sa mga pang-isahang pamilyang tahanan at condominium ng mga batas sa pagkontrol sa lokal na renta sa paraang sinasaklaw ng mga ito ang mga ADU at mga pang-isahang pamilyang tahanan o condominium na nahahati sa maraming yunit. Hindi rin saklaw ng karamihan sa mga batas sa pagkontrol sa lokal na renta ang mga ospital, pangmatagalang pasilidad sa pangangalaga, at dormitoryo; mga pabahay na pag-aari ng pamahalaan o pinopondohan ng pamahalaan; mga indibidwal na kuwarto na nirerentahan sa mga pang-isahang pamilyang tahanan na nakabahagi sa may-ari; mga hotel at shelter kung saan tumutuloy ang mga residente sa isang kuwarto nang hindi hihigit sa 30 araw; at pabahay na pinapatakbo ng 501(c)(3) nonprofit na organisasyon, gaya ng para sa pangangalaga sa bata o paggamot sa pagkalulong sa droga. Sinasaklaw ang mga mobile na tahanan ng ilan ngunit hindi lahat ng nilalaman ng mga batas na ito, at may mga hiwalay na ordinansa ang maraming lungsod at county na

1 Huling na-update noong Setyembre 1, 2024.

2 Basahin ang seksyon 1947.12 ng Kodigo Sibil para sa coverage at mga hindi saklaw.



nagtatadhana ng mga proteksyon sa pagtaas ng renta o pagpapaalis para sa mga may-ari ng mobile na tahanan na nagrerenta ng mga lote sa mga parke para sa mga mobile na tahanan.³

Ipinapakita ng tsart sa ibaba ang mga batas sa pagkontrol sa lokal na renta, paano kinakalkula ng mga ito ang kanilang mga limitasyon sa renta, at ilang susing hindi pagsaklaw.⁴ Nag-iiba-iba ang mga lokal na batas na ito—nagtatakda ang mga ito ng mga magkakaibang limitasyon sa pagtaas ng renta at puwedeng may magkakaibang paraan ng pagkalkula ng mga limitasyong iyon, na kadalasan ay nakabatay sa mga pagbabago sa Indeks sa Presyo para sa Consumer (Consumer Price Index).⁵ Kadalasang inililimbag ng mga lungsod at county ang mga pinapahintulutang pagtaas ng renta sa kanilang website. Posibleng hindi komprehensibo ang tsart. Para kumpirmahin ang mga proteksyon sa inyong lokalidad, kabilang ang mga pinakabagong maximum na pagtaas ng renta, direktang sumangguni sa inyong lungsod o county.

Maraming lungsod ang hindi nakalista sa tsart na hindi naglilimita sa mga pagtaas ng renta, pero sa halip, pinapayagan ang tenante na humiling ng pamamagitan o bayad sa reloksyon bago magkaroon ng bisa ang ilang partikular na pagtaas. Kabilang sa mga lungsod na iyon ang:

- [Gardena](#) (kung hindi lalampas sa 5% ang pagtaas ng renta)
- [Lungsod ng Union](#) (kung hindi lalampas sa 7% ang pagtaas ng renta)
- [Los Gatos](#) (Ituturing na “hindi makatuwiran” ang mga pagtaas ng renta na lumalampas sa mas mababa sa 5% o 70% ng pagbabago sa CPI at sasailalim sa pamamagitan)
- [Glendale](#) (Posibleng humiling ng bayad sa reloksyon ang tenante kung lalampas sa 7% ang pagtaas ng renta)
- [San Rafael](#) (kung hindi lalampas sa 5% ang pagtaas ng renta)

Para lang sa layuning magbigay ng impormasyon ang tsart na ito. Para kumpirmahin ang mga proteksyon sa pinarentahang pabahay sa inyong lungsod o county, direktang sumangguni sa inyong lungsod o county o makipag-ugnayan sa makakapagbigay ng ayudang legal. Available ang impormasyon ng mga lokal na sanggunian para sa ayudang legal sa lawhelpca.org.

3 Sumangguni sa inyong lokal na pamahalaan para tukuyin kung mayroon kang anumang proteksyon bilang may-ari ng mobile na tahanan.

4 Para sa layuning magbigay ng impormasyon ang fact sheet na ito at hindi dapat ituring bilang legal na payo. Kung gusto mo ng payo sa partikular na kaso, dapat kumonsulta ka sa abogado.

5 Ang Indeks sa Presyo ng Consumer (Consumer Price Index o “CPI”) ay tumutukoy sa pagbabago sa “CPI-U para sa Lahat ng Consumer sa Urban (CPI-U for All Urban Consumers),” isang bilang na inililimbag ng Kawanihan sa Estadistika ng Paggawa ng U.S. (U.S. Bureau of Labor Statistics o BLS), sa pagitan ng partikular na buwan at sa parehong buwan isang taon bago iyon. Ginagawang porsyento ang pagbabagong iyon at ginagamit para kalkulahan ang pinapayagang pagtaas ng renta. Inililista ng ilang batas ang mga partikular na buwan na dapat gamitin para sa mga kalkulasyong ito, at hindi naman inililista ng ilan. Puwedeng mahanap ang data ng BLS sa website ng Kagawaran ng Paggawa ng California (California Department of Labor).

Kung kayo ay lungsod o county at nakapag-update o nakapagrebisa na ng impormasyon tungkol sa inyong ordinansa sa pinarentahang pabahay, ibahagi ang impormasyong iyon sa amin sa oag.ca.gov/report nang sa gayon ay ma-update namin ang tsart na ito.

County	Munisipalidad	Kalkulasyon at Mahahalagang Limitasyon ng Pagtaas ng Renta	Maximum ng Pagtaas ng Renta noong 9/1/24	Saklaw ng Petsa para sa Maximum na Pagtaas ng Renta
County ng Alameda	<p>Lungsod ng Alameda</p> <p>Kodigo ng Mun. ng Alameda, §§ 6-58.10, at kasunod pa nito.</p>	<p>Isang pagtaas sa loob ng 12-buwang panahon na may 70% pagbabago sa CPI, nang may maximum na hanggang 5%. Kung mas mababa sa 1% ang pagbabago sa CPI, posibleng itaas ang renta nang hanggang 1%.</p> <p>Hindi nalalapat sa mga voucher holder ng Seksyon 8.</p> <p>Puwedeng magtabi ng mga pagtaas ang mga landlord at ilapat ito sa susunod na taon, pero hindi posibleng magpataw sa alinmang taon nang higit sa karagdagang 3% lampas sa pangkalahatang pagtaas. Sumangguni sa link para sa iba pang limitasyon.</p>	2.7%	9/1/24 – 8/31/25
	<p>Berkeley</p> <p>Kodigo ng Mun. ng Berkeley, kabanata 13.76</p>	<p>Para sa mga yunit na may mga sertipikasyon ng pag-okupa na inisyu bago 6/30/80, isang pagtaas sa 12-buwang panahon hanggang sa maximum na renta na</p>	1.9%	1/1/24 – 12/31/24

County	Munisipalidad	Kalkulasyon at Mahahalagang Limitasyon ng Pagtaas ng Renta	Maximum ng Pagtaas ng Renta noong 9/1/24	Saklaw ng Petsa para sa Maximum na Pagtaas ng Renta
		<p>pinapahintulutan ng batas, na itinataas bawat taon nang 65% ng pagbabago sa CPI, hanggang max. na 7%.</p> <p>May limitadong pagbubukod para sa paglalapat ng mga pagtaas na ito sa mga voucher holder ng Seksyon 8. Sumangguni sa Berkeley para sa higit pang impormasyon.</p> <p>Hindi puwedeng itaas ng mga landlord ang renta sa panahon ng unang 2 taon ng pagiging tenante.</p>		
	<p>Hayward</p> <p>Kodigo ng Mun. ng Hayward, artikulo 12-1</p>	<p>Para sa mga yunit na may mga sertipikasyon ng pag-okupa na inisyu bago 7/1/79, isang pagtaas sa loob ng 12-buwang panahon nang hanggang 5%.</p> <p>Puwedeng magtabi ng mga pagtaas ang mga landlord at idagdag ang mga ito sa susunod na pangkalahatang pagtaas, pero hindi posibleng magpataw sa alinmang taon ng kabuuang pagtaas na mas mataas sa 10%.</p>	5%	Tuwing 12 buwan



County	Munisipalidad	Kalkulasyon at Mahahalagang Limitasyon ng Pagtaas ng Renta	Maximum ng Pagtaas ng Renta noong 9/1/24	Saklaw ng Petsa para sa Maximum na Pagtaas ng Renta
	Oakland Kodigo ng Mun. ng Oakland, kabanata 8.22	<p>Para sa mga yunit na may mga sertipikasyon ng pag-okupa na inisyu bago 1/1/83, isang pagtaas sa loob ng 12-buwang panahon nang 60% ng pagbabago sa CPI, nang hanggang sa max. na 3%.</p> <p>Puwedeng magtabi ng mga pagtaas ang mga landlord at idagdag ang mga ito sa susunod na pangkalahatang pagtaas, pero hindi posibleng magpataw sa alinmang taon ng kabuuang pagtaas ng renta na lalampas sa mas mababa sa 3 beses ng kasalukuyang pangkalahatang pagtaas, 10%, o 5% at dagdag ang pagbabago sa CPI.</p>	2.3%	8/1/24 – 7/31/25
<i>County ng Contra Costa</i>	Antioch Kodigo ng Mun. ng Antioch, §§ 11-1.01, at kasunod pa nito.	Isang pagtaas sa loob ng 12-buwang panahon nang 60% ng pagbabago sa CPI, hanggang max. na 3%.	Sumangguni sa link para sa karamihan ng kasalukuyang pinapayagang pagtaas ng renta.	Muling kinakalkula ng Antioch ang pinapayagang pagtaas ng renta kada 1-2 buwan.
	Concord	Isang pagtaas sa loob ng 12-buwang panahon nang 60% ng pagbabago sa CPI, hanggang max. na 3%.	2.52%	4/1/23 – 7/31/25

County	Munisipalidad	Kalkulasyon at Mahahalagang Limitasyon ng Pagtaas ng Renta	Maximum ng Pagtaas ng Renta noong 9/1/24	Saklaw ng Petsa para sa Maximum na Pagtaas ng Renta
	Kodigo ng Mun. ng Concord, kabanata 19.40			
	Richmond Kodigo ng Mun. ng Richmond, kabanata 11.100	Posibleng itaas ang renta nang 60% ng pagbabago sa CPI, nang hanggang max. na 3%. Puwedeng magtabi ng mga pagtaas ang mga landlord at idagdag ang mga ito sa susunod na pangkalahatang pagtaas, pero hindi popsibleng magpataw sa alinmang taon ng kabuuang pagtaas na mas mataas sa 5%.	1.4%	9/1/24 – 8/31/25
<i>County ng Los Angeles</i>	Lungsod ng Los Angeles Kodigo ng Mun. ng L.A., §§ 151.00, at kasunod pa nito.	Para sa mga yunit na may mga sertipikasyon ng pag-okupa na inisyu bago 10/1/78, isang pagtaas sa loob ng 12-buwang panahon nang 100% ng pagbabago sa CPI, nang hanggang sa max. na 8%. Kung mas mababa ang CPI sa 3%, posibleng itaas ang renta hanggang 3%. Puwedeng higit pang magtaas ang mga landlord kung nagkakaloob sila ng mga utilidad na gasolina at kuryente. Nagbibigay ang LAHD	4%	7/1/24 – 6/30/25

County	Munisipalidad	Kalkulasyon at Mahahalagang Limitasyon ng Pagtaas ng Renta	Maximum ng Pagtaas ng Renta noong 9/1/24	Saklaw ng Petsa para sa Maximum na Pagtaas ng Renta
		ng calculator ng pagtaas ng renta dito .		
	Baldwin Park Kodigo ng Baldwin Park, kabanata 117	Posibleng itaas ang renta nang 100% ng pagbabago sa CPI, nang hanggang sa max. na 5%, sa loob ng 12-buwang panahon. Kung mas mababa sa 1% ang CPI, posibleng itaas ang renta nang hanggang 1%. Hindi nalalapat sa mga voucher holder ng Seksyon 8.	3.9%	8/1/24 – 7/31/25
	Bell Gardens Kodigo ng Mun. ng Bell Gardens, kabanata 5.62	Isang pagtaas sa 12-buwang panahon nang 50% ng pagbabago sa CPI, hanggang sa max. na 4%. Posibleng itaas nang hanggang dagdag na 3% ang mga yunit na may renta nang mas mababa sa 80% ng fair market value.	1.95%	11/1/24 – 10/31/25
	Beverly Hills Kodigo ng Mun. Beverly Hills, §§ 4-5-101, at kasunod pa nito, §§ 4-6-1, at kasunod pa nito.	Isang pagtaas sa 12-buwang panahon nang 3% o hanggang 100% ng pagbabago sa CPI kung mas mataas sa 3% ang CPI.	3.9%	8/1/24 – 7/31/25



County	Munisipalidad	Kalkulasyon at Mahahalagang Limitasyon ng Pagtaas ng Renta	Maximum ng Pagtaas ng Renta noong 9/1/24	Saklaw ng Petsa para sa Maximum na Pagtaas ng Renta
		<p>Inilalapat ang medyo ibang formula para sa mga tenanteng nakatira sa mga gusali bago 9/20/78 at nagsimula ang renta nang \$600 o mas mababa. Sumangguni sa link para sa kasalukuyang pagtaas na pinapahintulutan para sa mga ganitong pagiging tenante.</p>		
	<p>Cudahy Kodigo ng Mun. ng Cudahy, kabanata 5.13</p>	<p>Isang pagtaas sa 12-buwang panahon nang 100% ng CPI, nang hanggang sa max. na 3%.</p>	<p>3%</p>	<p>7/1/24 – 6/30/25</p>
	<p>Mun. ng Culver City Kodigo ng Mun. ng Culver City, §§ 15.09.200, at kasunod pa nito</p>	<p>Isang pagtaas sa 12-buwang panahon nang 100% ng CPI, nang hanggang max. na 5%. Kung mas mababa sa 2% ang CPI, posibleng itaas ang renta nang hanggang 2%.</p> <p>Hindi nalalapat sa mga voucher holder ng Seksyon 8.</p>	<p>Sumangguni sa link para sa karamihan ng kasalukuyang pinapayagang pagtaas ng renta.</p>	<p>Muling kinakalkula ng Culver City ang pinapayagang pagtaas ng renta nang mas maaga ng 6 na linggo ng bawat buwan.</p>



County	Munisipalidad	Kalkulasyon at Mahahalagang Limitasyon ng Pagtaas ng Renta	Maximum ng Pagtaas ng Renta noong 9/1/24	Saklaw ng Petsa para sa Maximum na Pagtaas ng Renta
	Inglewood Kodigo ng Mun. ng Inglewood, artikulo 8-10	<p>Para sa mga gusaling may 5 o higit pang yunit, isang pagtaas sa 12-buwang panahon nang 3% o hanggang 100% ng pagbabago sa CPI kung mas mataas ang CPI sa 3%, nang hanggang max. na 10%.</p> <p>Para sa mga gusaling may 4 o mas kaunting yunit, isang pagtaas sa 12-buwang panahon nang 5% at dagdag ang pagbabago sa CPI, nang hanggang sa max. na 10%.</p>	<p>Para sa mga gusaling may 5+ na yunit: 3.9%</p> <p>Para sa mga gusaling may 1-4 na yunit: 8.9%</p>	7/1/24 – 6/30/25
	Maywood Kodigo ng Mun. ng Maywood, §§ 8-21.01, at kasunod pa nito	Isang pagtaas sa 12-buwang panahon nang 100% ng pagbabago sa CPI, nang hanggang max. na 4%.	3.9%	9/22/24 – 6/30/25
	County ng Los Angeles (mga lugar na hindi naka-incorporate lang) Kodigo ng L.A. kabanata 8.52	Isang pagtaas ng 12-buwang panahon nang 100% ng pagbabago sa CPI, nang hanggang max. na 8%. Kung nasa pagitan ng 1% at 3% ang CPI, posibleng itaas ang renta nang hanggang 3%. Sumangguni sa link para sa higit pang impormasyon.	4%	1/1/24 – 12/31/24

County	Munisipalidad	Kalkulasyon at Mahahalagang Limitasyon ng Pagtaas ng Renta	Maximum ng Pagtaas ng Renta noong 9/1/24	Saklaw ng Petsa para sa Maximum na Pagtaas ng Renta
	Pasadena Charter ng Lungsod ng Pasadena, §§ 1801 at kasunod pa.	Isang pagtaas sa 12-buwang panahon nang 75% ng pagbabago sa CPI.	3%	10/1/24 – 9/30/25
	Pomona Kodigo ng Lungsod ng Pomona, §§ 30-571, at kasunod pa	Isang pagtaas sa 12-buwang panahon nang 100% ng pagbabago sa CPI, nang hanggang max. na 4%. Hindi nalalapat sa mga voucher holder ng Seksyon 8.	4%	8/1/24 – 7/31/25
	Santa Monica Charter ng Lungsod ng Santa Monica, §§ 1800, at kasunod pa nito	Para sa mga yunit na may mga sertipikasyon ng pag-okupa na inisyu bago 4/10/79, isang pagtaas sa 12-buwang panahon nang hanggang sa maximum na rentang pinapahintulutan ng batas, na itinataas sa bawat taon nang 75% ng pagbabago sa CPI, nang hanggang max. na 3%. Hindi nailalapat sa mga gusaling may 1-3 yunit kung saan nakatira ang may-ari sa isa sa mga yunit sa alinmang panahon ng pagiging tenante.	3% (posibleng makakuha ng 3% pagtaas ang ilang yunit sa panahon ng taong ito)	9/1/24 – 8/31/25



County	Munisipalidad	Kalkulasyon at Mahahalagang Limitasyon ng Pagtaas ng Renta	Maximum ng Pagtaas ng Renta noong 9/1/24	Saklaw ng Petsa para sa Maximum na Pagtaas ng Renta
	West Hollywood Kodigo ng Mun. ng West Hollywood, tit. 17	Para sa mga yunit na may mga sertipikasyon ng pag-okupa na inisyu bago 7/1/79, isang pagtaas kada 12-buwang panahon nang 75% ng pagbabago sa CPI, nang hanggang max. na 3%. Puwedeng higit pang magtaas ang mga landlord kung nagkakaloob sila ng mga utilidad na gasolina at kuryente. Posibleng ilapat ang medyo ibang formula para sa mga tenante na tumira sa kanilang mga yunit bago 1996.	3%	9/1/24 – 8/31/25
County ng Marin	Fairfax Kodigo ng Bayan ng Fairfax, kabanata 5.55	Isang pagtaas sa 12-buwang panahon nang 75% ng pagbabago sa CPI, nang hanggang sa max. na 5%.	2.85%	9/1/24 – 8/31/25
	Larkspur Kodigo ng Mun. ng Larkspur, kabanata 6.20	Isang pagtaas sa 12-buwang panahon nang 5% at dagdag ang pagbabago sa CPU, hanggang max. na 7%.	7%	Muling kinakalkula buwan-buwan ang pinapayagang pagtaas, batay sa pinakabagong data ng CPI.
County ng Orange	Santa Ana Kodigo ng Mun. ng Santa Ana,	Isang pagtaas sa 12-buwang panahon nang 80% ng pagbabago sa CPI,	3%	9/1/24 – 8/31/25

County	Munisipalidad	Kalkulasyon at Mahahalagang Limitasyon ng Pagtaas ng Renta	Maximum ng Pagtaas ng Renta noong 9/1/24	Saklaw ng Petsa para sa Maximum na Pagtaas ng Renta
	§§ 8-3140, at kasunod pa nito	nang hanggang max. na 3%.		
<i>County Riverside</i>	Palm Springs Kodigo ng Mun. ng Palm Springs, kabanata 4.02	<p>Para sa mga yunit na nagsimula ang pagpapatayo noong 4/1/79, mas mababa sa \$450 ang renta noong 9/1/79, at tuluy-tuloy na nakatira ang mga tenante sa yunit mula 12/17/94:</p> <p>Isang pagtaas sa 12-buwang panahon na magreresulta sa renta na mas mataas sa renta na siningil noong Setyembre 1, 1979 sa halagang katumbas ng 75% ng pagtaas ng CPI mula Setyembre 1979.</p> <p>Para sa lahat ng gusaling saklaw sa ilalim ng batas pang-estado, isang pagtaas sa 12-buwang panahon nang 5% at dagdag ang pagbabago sa CPI, nang hanggang max. na 10%.</p>	Sumangguni sa Palm Springs para sa pinakabagong pinapayagang pagtaas ng renta.	Nakabatay ang pagtaas sa pagkukumpara ng available na pinakabagong pagtaas ng CPI at base na petsa ng Setyembre 1979, at pagkukumpara niyon sa renta na nagkabisa noong Setyembre 1, 1979.
<i>County ng Sacramento</i>	Lungsod ng Sacramento Kodigo ng Lungsod ng	Isang pagtaas sa 12-buwang panahon nang 5% at dagdag ang CPI, nang	8.8%	7/1/24 – 6/30/25

County	Munisipalidad	Kalkulasyon at Mahahalagang Limitasyon ng Pagtaas ng Renta	Maximum ng Pagtaas ng Renta noong 9/1/24	Saklaw ng Petsa para sa Maximum na Pagtaas ng Renta
	Sac., kabanata 5.156	hanggang sa max. na 10%.		
<i>County ng San Francisco</i>	Lungsod at County ng San Francisco Kodigo ng Admin. ng S.F., kabanata 37	<p>Para sa mga yunit na may mga sertipikasyon ng pag-okupa na inisyu bago 6/13/79, isang pagtaas nang hanggang 60% ng pagbabago sa CPI.</p> <p>May limitadong pagbubukod para sa paglalapat ng mga pagtaas na ito sa mga voucher holder ng Seksyon 8. Sumangguni sa San Francisco para sa karagdagang impormasyon.</p> <p>Puwedeng magtabi ng mga pagtaas ang mga landlord at idagdag ang mga ito sa susunod na pangkalahatang pagtaas.</p>	1.7%	3/1/24 – 2/28/25
<i>County ng Santa Clara</i>	Mountain View Charter ng Mountain View, §§ 1700 at kasunod pa nito	Isang pagtaas nang 100% ng pagbabago sa CPI, nang hanggang sa max. na 5%. Kung mas mababa sa 2% ang CPI, posibleng itaas ang renta nang hanggang 2%.	2.4%	9/1/24 – 8/31/25

County	Munisipalidad	Kalkulasyon at Mahahalagang Limitasyon ng Pagtaas ng Renta	Maximum ng Pagtaas ng Renta noong 9/1/24	Saklaw ng Petsa para sa Maximum na Pagtaas ng Renta
		<p>Puwedeng magtabi ng mga pagtaas ang mga landlord at idagdag ang mga ito sa susunod na pangkalahatang pagtaas, pero hindi posibleng magpataw sa alinmang taon ng kabuuang pagtaas na mas mataas sa 100%.</p>		
	<p>San Jose Kodigo ng Mun. ng San Jose, kabanata 17.23</p>	<p>Para sa mga gusaling may 3 o higit pang yunit, at may mga sertipikasyon ng pag-okupa na inisyu noong o bago 9/7/79, isang pagtaas sa 12-buwang panahon nang hanggang 5%.</p> <p>Sumangguni sa San Jose para sa higit pang impormasyon sa mga isyu tulad ng coverage at pagtatabi ng mga pagtaas ng renta sa Seksyon 8.</p>	5%	Tuwing 12 buwan
<i>County ng San Mateo</i>	<p>East Palo Alto Kodigo ng Mun. ng E. Palo Alto, kabanata 14.04</p>	<p>Para sa mga yunit na may mga sertipikasyon ng pag-okupa na inisyu noong o bago 1/1/88, isang pagtaas nang 80% ng pagbabago sa CPI, nang hanggang max. na 10%.</p>	1.9%	7/1/24 – 6/30/25



County	Munisipalidad	Kalkulasyon at Mahahalagang Limitasyon ng Pagtaas ng Renta	Maximum ng Pagtaas ng Renta noong 9/1/24	Saklaw ng Petsa para sa Maximum na Pagtaas ng Renta
		<p>Hindi nailalapat sa mga voucher holder ng Seksyon 8, o sa mga gusaling may 3 o mas kaunting yunit kung saan tumira ang may-ari sa isa sa mga yunit nang hindi bababa sa isang taon.</p> <p>Puwedeng magtabi ng mga pagtaas ang mga landlord at idagdag ang mga ito sa susunod na pangkalahatang pagtaas, pero hindi posibleng magpataw sa alinmang taon ng kabuuang pagtaas na mas mataas sa 100%.</p>		
Ventura County	Ojai Kodigo ng Mun. ng Ojai, tit. 11	<p>Isang pagtaas nang hanggang 4% tuwing 12 buwan.</p> <p>Hindi nalalapat sa mga voucher holder ng Seksyon 8.</p>	4%	Tuwing 12 buwan
	Oxnard Kodigo ng Lungsod ng Oxnard, §§ 27-20, at kasunod pa nito	<p>Isang pagtaas nang hanggang 4% tuwing 12 buwan.</p> <p>Hindi nailalapat sa mga gusaling may 2 yunit kung saan nakatira ang may-aari sa isa sa mga yunit sa alinmang panahon ng pagiging tenante.</p>	4%	Tuwing 12 buwan

County	Munisipalidad	Kalkulasyon at Mahahalagang Limitasyon ng Pagtaas ng Renta	Maximum ng Pagtaas ng Renta noong 9/1/24	Saklaw ng Petsa para sa Maximum na Pagtaas ng Renta
	Thousand Oaks Ord. ng Thousand Oaks Blg. 755-NS	Para sa mga tenante na tuluy-tuloy na nakatira sa yunit mula 1987, tinutukoy ang pagtaas ng renta sa pamamagitan ng pagsusuri sa kita sa renta ng landlord noong 1979 at ang kasalukuyan nitong kita sa renta.	Sumangguni sa Lungsod ng Thousand Oaks para sa higit pang impormasyon kung paano kinakalkula ang pinapayagang pagtaas ng renta.	

Para lang sa layuning magbigay ng impormasyon ang tsart na ito. Para kumpirmahin ang mga proteksyon sa pinarentahang pabahay sa inyong lungsod o county, direktang sumangguni sa inyong lungsod o county o makipag-ugnayan sa makakapagbigay ng ayudang legal. Available ang impormasyon ng mga lokal na sanggunian para sa ayudang legal sa lawhelpca.org.

Kung kayo ay lungsod o county at nakapag-update o nakapagrebisa na ng impormasyon tungkol sa inyong ordinansa sa pinarentahang pabahay, ibahagi ang impormasyong iyon sa amin sa oag.ca.gov/report nang sa gayon ay ma-update namin ang tsart na ito.

